



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINTIPI SA KATITIKAN NG IKA-108 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-9 NA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 24 SETYEMBRE 2018, IKA-11:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Batigos
Konsehal David D. De La Cruz
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal John-John S. Yason
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Ruel S. Taytay
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Gualberto V. Magno
Konsehal Celso M. Dimapilis
Konsehal Elmira May V. Tarac

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay
- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 091

Taong 2018


**KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA
NAULILA NG YUMAONG POLICE INSPECTOR LOUIS
RAYMUNDO SANZ NG TANGGAPAN NG PULISYA NG
ROXAS, SILANGANG MINDORO.**


SAPAGKA'T si Police Inspector Louis Raymundo Sanz ay naglingkod bilang isang alagad ng batas sa mahabang panahon;

SAPAGKA'T ang paglilingkod niyang ito bilang tagapaglingkod ng kapayapaan at kaayusan ng bayan ay nagsimula noong Agosto 1, 1976 hanggang sa kanyang pagri-retiro noong Disyembre 31, 2005;

SAPAGKA'T sa buong panahon ng kanyang panunungkulan bilang alagad ng batas, hindi niya inalintana ang mga panganib sa kanyang buhay upang maisagawa lamang ang nararapat para sa ikabubuti ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa kanyang butihing maybahay at mga anak, ganundin sa mga dating kasamahan sa tanggapang kinabibilangan;


CESAR T. BATIGOS


FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ito at ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pamilya at mga kaanak ng namayapang Police Inspector Louis Raymundo Sanz.


DAHIL DITO sa nagkakaisang mungkahi ng luhut

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaubot sa mga naulila ng pumanaw na Police Inspector Louis Raymundo Sanz ng Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ng yumaong Police Inspector Louis Raymundo Sanz lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

PINAGTIBAY: 24 Seryembre 2018

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Secretary to the Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan

marz/092418